

(タガログ語)

貸付制度を利用する際に

Kapag ginamit ang sistema ng pagpapautang

• May mga perang maaaring matanggap na hindi pautang tulad ng *GIENKIN* na perang donasyon, *MIMAIKIN* na perang abuloy, *SITSUGYO TEATE* na allowance para sa mga nawalan ng trabaho. Bago umutang, alamin muna kung kayo ay maaaring makatanggap ng mga perang binibigay, sumangguni muna sa mga tauhan ng munisipyo o kaya sa mga namamahala ng mga evacuation center.

• Kapag umutang kailangang bayaran ito. Batay sa uri ng pagpapautang na ginamit, nag-iiba ang halaga ng interes, at ang haba ng panahon na kailangang bayaran ito. Tiyakin lamang ito sa kinauukulang tauhan ng munisipyo sa oras ng pag-aplay.

Kapag ginamit ninyo ang sistema ng pagpapautang, may posibilidad na hindi na kayo makakapag-aplay sa iba pang sistema. Tiyakin din ito sa kinauukulang tauhan ng munisipyo sa oras ng pag-aplay.